
3

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 5: Paggamit ng Pangngalan sa Paglalarawan ng Pamayanan




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_Filipino 3_ Module 5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 5: Paggamit ng Pangngalan sa Paglalarawan ng Pamayanan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jaycel D. Suganob, Donnabel D. Manocan

**Editor:** Cristy S. Agudera, Lorna C. Ragos

**Tagasuri:** Ramon S. Gravino Jr., Glroia C. Sabanal, Maricel M. Jamero
Christopher U. Gonzales

**Tagawasto:** Iris Kristine A. Mejos

**Tagaguhit at Tagalapat:** Mary Grace P. Refulle, Andres M. Cuyasan, Charlie Tocmo

**Tagapamahala:**

| | |
|---|---|
| Allan G. Farnazo | Josephine L. Fadul |
| Mary Jane B. Aldeguer | Christine C. Bagacay |
| Analiza C. Almazan | Lorna C. Ragos |
| Ma. Cielo D. Estrada | Cristy S. Agudera |
| Mary Jane M. Mejorada | Alma D. Mercado |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 5: Paggamit ng Pangngalan sa Paglalarawan ng Pamayanan

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Alamin



Kumusta ka na? Ako'y lubos na nasisiyahan dahil napagtagumpayan mo ang naunang gawain. Matapos mong matutuhan ang pagtatala ng pagkakatulad at pagkakaiba ng kuwento. Tutuklasin naman natin kung paano ang maglarawan at ang paggamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita.

Marami akong gawaing inihanda para masubok ang iyong kaalaman tungkol dito. Basahing mabuti ang panuto sa bawat bahagi at isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:


- nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang nagbibigay ng kahulugan (katuturan o kahulugan ng salita, sitwasyong pinaggamitan ng salita, at pormal na depinisyon ng salita). (F3PT-IIc-1.5)
- nakapaglalarawan ng mga tao, hayop, bagay, at lugar sa pamayanan. (F3WG-IIcd4)

Sa araling ito, susukatin ang kakayahan mo sa paglalarawan. Magpatulong ka sa iyong kapamilya para basahin ang mga teksto o kuwento. Puwede ka ring humingi ng gabay sa pakikinig ng teksto sa kamag-anak na nakatira o malapit sa inyong bahay tulad ng iyong tiya at tiyo.

# Subukin

A. Tingnan mong mabuti ang mga larawan. Piliin sa loob ng kahon ang tinutukoy sa bawat bilang at isulat mo ang tamang baybay ng salita. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.






1. Isang bagay na nagbibigay ng kaalaman sa mga tao.

_______________________________________________

2. Ginagamit natin ito para sa komunikasyon.

_______________________________________________

3. Ito ay proteksiyon na isinusuot sa ating bibig at ilong.

_______________________________________________

4. Ginagamit sa paliligo upang maging malinis ang ating katawan.

_______________________________________________

5. Isinusuot na bagay sa ating mga kamay para maproteksyunan.

_______________________________________________



B. Isaayos ang mga puso upang makabuo ng salitang maglalarawan sa tao, hayop, bagay, at lugar. Isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.

1. Ang aming paaralan ay ____________.

ma nis li

2. ____________ ang aking lapis.

lis ma tu

3. Si Tatay ay ____________ sa trabaho.

ma pag si

4. _____________ ang alagang aso ng aming kapitbahay.

ba ma ngis

5. _____________ ang suot niyang bestida.

lun an ti

| Aralin | Paggamit ng Pangngalan sa Paglalarawan ng Pamayanan |
|---|---|



## *Balikan*

Ikaw ba ay may kapatid? Mayroon ba kayong pagkakatulad at pagkakaiba ng katangian?

Basahin ang maikling kuwento tungkol sa magkapatid, pagkatapos ay sagutin ang dayagram sa ibaba.




### Magkapatid



Sina Ana at Anie ay magkapatid. Si Ana ay masipag sa gawaing bahay tulad ng pagwawalis ng sahig, pag-aayos ng mga gamit at paghuhugas ng pinggan. Si Anie ay mahilig gumuhit ng kahit anong anyo. Ginuguhit niya ang mga bagay na makikita sa paligid.

Subalit pagdating sa pag-aaral ng leksiyon, nagkakaisa ang dalawa at sabay pang nagbabasa.

Ano ang pagkakatulad ng magkapatid? Ano naman ang pagkakaiba nila? Gayahin ang dayagram sa sagutang papel at isulat ang iyong sagot.




## *Tuklasin*



Ikaw ba ay may kapatid na babae? Maaari mo ba siyang ilarawan?

____________________________________

____________________________________

Ang kuwento na iyong babasahin ay tungkol sa isang mabuti at responsableng kapatid.

Basahin at unawain nang mabuti ang kuwento at sagutin ang mga tanong sa ibaba.

Handa ka na ba? Tara na!



## Ang Aking Ate

Ang aking Ate ay masipag. Mahusay siya pagdating sa mga gawaing bahay. Gusto niyang malinis ang aming bahay at ang malawak naming bakuran. Makintab at makinis lagi ang aming sahig. Ang aming pinto, bintana, at dingding na malapad ay nililinis din niya.

Hindi lang siya masipag kundi isa rin siyang ulirang anak. Tinutulungan niya palagi sina Nanay at Tatay sa mga gawaing bahay. Siya rin ay mabait at maunawain na kapatid. Mahusay rin siyang umawit at matalino sa klase. Siya ay laging nakangiti at masaya. Isa siyang kalugod-lugod na anak at kapatid.

Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang pamagat ng kuwento?
   a. Ang Mabait Kong Ate
   b. Ang Aking Ate
   c. Ang Masipag na Ate

2. Sino ang tinutukoy na masipag sa kuwento?

    a. ate
    b. nanay
    c. tatay

3. Anong salita ang naglalarawan sa bakuran?

    a. maganda
    b. maliit
    c. malawak

4. Paano mo ilalarawan ang tauhan sa kuwento?

    a. Siya palagi ang gumagawa ng gawaing bahay.
    b. Si Ate ang paborito nina Nanay at Tatay.
    c. Si Ate ay masipag, mahusay, mabait, maunawain, at matalinong babae.

5. Gusto mo bang magkaroon ng ate tulad sa kuwento? Bakit?

    a. Hindi, dahil palagi siyang naglilinis ng bahay.
    b. Oo, dahil isa siyang responsableng anak at kapatid.
    c. Oo, para siya lahat ang gagawa ng gawaing bahay.



## *Suriin*

Ang **paglalarawan** ay isang malinaw na pagpapahayag ng kaisipan sa ating nakikita, naaamoy, naririnig, nalalasahan, nahahawakan, at nadarama sa ating paligid.

Ang tawag sa mga salitang naglalarawan sa tao, hayop, bagay, at lugar ay **pang-uri.** Ito ay tumutukoy sa kulay, hugis, katangian o pisikal na kaanyuan ng isang tao, bagay, hayop, at lugar.

**Tao**

1. Si Ate ay **masipag**.
2. **Makulit** ang bunso kong kapatid.

**Hayop**

1. **Maamo** ang alaga kong pusa.
2. Ang aso ay **mabalahibo**.

**Bagay**

1. **Matulis** ang kutsilyo.
2. Hugis **bilog** ang salamin ni Rica.

**Lugar**

1. **Malayo** ang Batanes.
2. Ang bakuran namin ay **malawak.**

Ang bawat simbolo, larawan o maging sa salita ay may pinapahiwatig na kahulugan na maaaring makapagbigay ng paglalarawan sa ating pamayanan. Tulad ng paggamit ng mga palatandaang nagbibigay ng kahulugan.




**Bawal Pumarada**




**Tigil**



**Tawiran**



Bawal bumusina



Bawal Magsigarilyo




Bawal Magtapon ng Basura

## *Pagyamanin*

Ngayon ay alam mo na kung paano ang maglarawan. Halik at paunlarin pa natin ang iyong natutuhan. Sagutan mo ang gawain A at B.


Handa ka na ba? Tara na!



### Gawain A

Piliin sa loob ng kahon ang angkop na salitang maglalarawan sa bawat bilang. Isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| malambot | maliit | malayo | maasim | masungit |


1. 

mangga

_______________

2.  alitaptap ________________

3.  kama ________________

4.  bundok ________________

5.  babae ________________

## Gawain B

Kompletuhin mo ang talata at isulat sa patlang ang wastong salita na ipinapahiwatig ng mga larawan. Piliin sa loob ng kahon ang iyong sagot.

| | | | |
|---|---|---|---|
| *face mask* | bata | maghugas ng kamay | |
| malusog | guwantes | matanda | *alcohol* |

Bawal lumabas ang mga (1) _____________ 


at ang mga matatanda na may edad 65 pataas.

Dahil sa pandemyang kumakalat ngayon sa buong mundo,

kailangang lagi tayong malinis sa ating katawan at maging

(2)__________________  Magsuot ng (3)_________ 

at (4)_________  ang mga taong lalabas ng kanilang

bahay. Ugaliing___________  o kaya'y gumamit ng

_________,  para maiwasan ang **virus** na tinatawag




nating "**COVID-19**".



# *Isaisip*



Punan mo ng angkop na salita ang bawat patlang upang mabuo ang ipinapahayag nitong diwa. Isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.



Ang (1)____________ay isang malinaw na pagpapahayag ng kaisipan ng ating paligid.

Ang tawag sa mga salitang naglalarawan sa tao, hayop, bagay, at lugar ay (2)___________.

Nalaman ko rin na ang bawat (3)____________, larawan o maging sa salita ay may (4)____________na kahulugan na maaaring makapagbigay ng paglalarawan sa ating pamayanan.



## Isagawa



Gawain A

Magbigay ka ng mga salitang maglalarawan sa tao, bagay, hayop, at lugar na makikita sa larawan. Isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.



Halimbawa: mataas na puno


1. ________________________________________

2. ________________________________________

3. ________________________________________

4. ________________________________________

5. ________________________________________



Gawain B

Matapos mong mailarawan ang unang gawain ngayon naman ay bibigyan kita ng pagkakataon na gumuhit ng limang (5) mga pahiwatig o simbolo na madalas mong nakikita sa ating pamayanan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. 

2. 

3. 

4. 


5. 



## *Tayahin*


Ang galing-galing mong sumagot ng mga gawain, ngayon naman ay sagutin mo ang mga pagsasanay na inihanda ko para sa iyo.

Ano pang hinihintay mo? Tara na!



## Pagsasanay 1

Tukuyin ang ipinapahiwatig ng bawat larawan. Pag-ugnayin ang mga larawan sa kanilang kahulugan. Letra lamang ang isulat sa iyong sagutang papel.

_____1. 

_____2. 

_____3. 

_____4. 

_____5. 

a. bawal magtapon ng basura

b. nagmamano

c. naglilinis

d. tawiran

e. bawal bumusina

## Pagsasanay 2

Isulat sa patlang ang salitang ginamit sa paglalarawan ng mga salitang may salungguhit sa bawat pangungusap. Isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.

____________1. Hugis bilog ang mga mesang kainan sa kantina.


____________2. Mabalahibo ang pusa na hawak ni Sarah.

____________3. Ang malawak na hardin ay laging malinis.

____________4. Si Elsa ay magalang.

____________5. Umakyat kami sa matayog na bundok.


# *Karagdagang Gawain*




**Gawain A**

Ano ang ipinapahiwatig ng bawat larawan. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1.________




a. Lugar na dinadasalan
b. Silid- tulugan
c. Nag-aaral ang mga pari

2. ________ 


a. Palaruan
b. Mall
c. Paaralan

3. ________ 



a. pumasok sa paaralan
b. Matutulog na ang mga bata
c. Kakain na sila

4. ________ 

a. Pagkamasunurin
b. Paggalang
c. Pagkamahiyain

5. ________ 


a. bata
b. matanda
c. kuya





**Gawain B**


Basahin ang mga halimbawang salita ng paglalarawan. Tukuyin ang kategorya nito kung ito ba ay naglalarawan sa tao, hayop, bagay, at lugar. Isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.

| | | | |
|---|---|---|---|
| malapit | manipis | matalino | matangkad |
| parihaba | maamo | madilim | mabalahibo |



# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

| A. | B. |
|---|---|
| 1.libro | 1.malinis |
| 2.selpon | 2. matulis |
| 3. face mask | 3. masipag |
| 4.sabon | 4.mabangis |
| 5.guwantes | 5.luntian |

**Balikan**

**Pagkakatulad**
Pag-aaral ng leksiyon/pagbabasa

**Pagkakaiba**
Masipag sa gawaing bahay/Mahilig gumuhit

**Tuklasin**

1. b
2. a
3. c
4. c
5. b

**Pagyamanin**

**Gawain A**

1. maasim
2. maliit
3. malambot
4. malayo
5. masungit

**Gawain B**

1. bata
2. malusog
3. face mask
4. guwantes
5. maghugas ng kamay

**Isaisip**

1. paglalarawan
2. pang-uri
3. simbolo
4. ipinapahiwatig

**Isagawa**

Malayang pagsagot. Ito ay batay sa kanilang gusto.

**Tayahin**

| Pagsasanay 1 | Pagsasanay 2 |
|---|---|
| 1. a | 1. Mabalhibo |
| 2. a | 2. Malawak |
| 3. a | 3. Malawak |
| 4. b | 4. Magalang |
| 5. b | 5. matayog |

**Karagdagang Gawain**

| Gawain A | Gawain B |
|---|---|
| 1. b | Tao- matangkad, matalino |
| 2. d | Bagay- manipis, parihaba |
| 3. a | Lugar- malapit, madilim |
| 4. e | Hayop-maamo, mabalahibo |
| 5. c | |

# *Sanggunian*

K to 12 Filipino Gabay Pangkurikulum sa Filipino. Department of Education 2016

K to 12 Most Essential Learning Competencies for Filipino Grade 3. Department of Education Curriculum and Instruction Strand 2020

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph